
4

# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 1: Salitang Pamilyar at Di-Pamilyar




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM



PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino - Baitang 4**
**Alternative Delivery Mode**
**Kwarter 2 – Modyul 1: Salitang Pamilyar at Di-Pamilyar**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Lorena B. Azcarraga, Rema V. Montes, Baby Elsie M. Jove
**Editor:** Ma. Theresa I. Cortez
**Tagasuri:** Rechie O. Salcedo
**Tagaguhit:** Emma N. Malapo, Mark Anthony O. Taduran
**Tagalapat:** Jasmin S. Simata, Rey Antoni S. Malate, Jefferson R. Repizo
**Tagapamahala:** Gilbert T. Sadsad, Francisco B. Bulalacao, Jr., Grace U. Rabelas, Ma. Leilani R. Lorico, Nora J. Laguda, Jerson V. Toralde, Rechie O. Salcedo, Belen B. Pili

**Inilimbag sa Pilipinas ng ________________________**

**Department of Education – Region V**

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City 4500
Mobile Phone: 0917 178 1288
E-mail Address: region5@deped.gov.ph

4

# Filipino

## Ikalawang Markahan– Modyul 1
## Salitang Pamilyar at Di-Pamilyar

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

## Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinomang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anomang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## *Alamin*


Kumusta?

Tiyak kong magiging maganda ang araw mo ngayon dahil marami ka na namang matututuhan.

Mayroong mga bagay sa iyong paligid na akam mo na dahil bahagi na ng iyong nakasanayang buhay at natutuhan mo na. Mayroon din na bago para sa iyo dahil hindi ito ang iyong karaniwang gawain.

Gayunpaman, dati mo mang alam o hindi dapat na unawain mo pa ring mabuti ito dahil ito ay mga kaalaman na magagamit mo sa iyong buhay. Ito ang pag-uusapan natin sa aralin ngayon.

Handa ka na ba?



Inaasahan na pagkatapos mong mapag-aralan ang aralin sa modyul na ito, magagawa mo ang sumusunod:

A. Natutukoy ang kahulugan ng mga salitang pamilyar at di-pamilyar at/o salitang natutuhan sa aralin, kaugnay ng iba pang asignatura at hiram;

B. Naibibigay ang kahulugan ng mga salitang pamilyar at di-pamilyar at/o salitang natutuhan sa aralin, kaugnay ng iba pang asignatura at hiram sa pamamagitan ng pag-uugnay sa sariling karanasan;

C. Natutukoy ang kahulugan ng salitang pamilyar at di-pamilyar at/o salitang natutuhan sa aralin, kaugnay ng iba pang asignatura at hiram batay sa ugnayang salita-larawan;

D. Nagagamit sa pangungusap ang mga salitang pamilyar at di-pamilyar at/o salitang natutuhan sa aralin, kaugnay ng iba pang asignatura at hiram; at

E. Naisusulat nang wasto ang baybay ng salitang natutuhan sa aralin; salitang hiram; at salitang kaugnay ng ibang asignatura at/o pamilyar at di-pamilyar.



Ngayon, balikan mo ngang muli ang binanggit na inaasahang matutuhan mo sa modyul na ito. Lagyan mo ng tsek (/) ang/ang mga letrang sa palagay mo ay nais mong matutuhan.

A B C D E

Bakit kaya ang letra/mga letrang ito ang nais mong matutuhan?

________________________________________

________________________________________

Ayan! Nagawa mo.

Huwag kang mag-alala, alam kong matututuhan mong lahat ng inaasahan sa iyo at magiging kawili-wili ang iyong pag-aaral sa araw na ito.



## *Subukin*

Matapos mong malaman kung ano ang inaasahan na matututuhan mo sa modyul na ito. Tingnan naman natin kung ano na ba ang iyong nalalaman tungkol sa aralin na pag-aaralan mo sa oras na ito.

Narito ang panuto. Sundin mo nang buong husay. Galingan mo ha!

Isagawa ang sinabi o hinihinging gawin sa bawat letra sa talahanayan. Sunding halimbawa ang nasa unang bilang. Gawin ito sa inyong sagutang papel.




| **A.** Lagyan ng tsek (/) kung ang larawan ay pamilyar sa iyo at ekis (X) naman kung hindi. | **B.**Tukuyin ang tawag sa sumusunod na larawan. Isulat ang wastong baybay nito. | **C.**Gamitin sa pangungusap ang tawag sa sumusunod na larawan. | **D.** Ibigay ang kahulugan ng bawat larawan sa pamamagitan ng pag-uugnay sa iyong karanasan at ipinakikita nito. |
|---|---|---|---|
|  | kompyuter | Ginagamit ko ang **kompyuter** sa aking online class. | Ang kompyuter ay isang kagamitan sa makabagong teknolohiya. |
| 1.  | | | |
| 2.  | | | |
| 3.  | | | |
| 4.  | | | |
| 5.  | | | |

*Photo Credit*: Baby Elsie M. Jove

Wow! Natapos mo rin.

Maaari bang lagyan mo ng tsek kung alin sa mga gawain sa bawat letra sa talahanayan ang naging madali at mahirap para sa iyo.



| Gawain sa bawat letra | Madali | Mahirap |
|---|---|---|
| Gawain sa Letrang A | | |
| Gawain sa Letrang B | | |
| Gawain sa Letrang C | | |
| Gawain sa Letrang D | | |

Kung naging madali para sa iyo ang gawain sa bawat letra sa talahanayan ibig sabihin magiging madali rin sa iyo ang aralin sa modyul na ito. Kaya, huwag kang mag-alala, gagabayan at tutulungan kitang matututuhan mo ang mga ito. Tara na!



***Mga Tala para sa Guro***

Mahalagang mabatid at masunod ng mag-aaral ang mga tuntunin sa panghihiram ng salita ayon sa manwal ng kasalukuyang KWF Ortograpiyang Pambansa para sa higit na kumpletong patnubay sa pagbaybay sa wikang Filipino.



## *Balikan*

Naalala mo ba ang kasanayan sa nakaraang aralin? Tama, ito ay tungkol sa Panghalip. Ipagpalagay nating isa ka sa mga dumalo sa kaarawan ng iyong kamag-aral. Pagmasdan ang larawan at bumuo ng mga pangungusap o usapan gamit ang panghalip upang maibahagi mo ang iyong karanasan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.



**Kumusta?** Nakagawa ka ba ng mga pangungusap o usapan gamit ang panghalip? Gumamit ka rin ba ng mga salitang pamilyar o di pamilyar sa pangungusap?

Magaling! Maaari ka nang magpatuloy.



## *Tuklasin*



Yehey! Narito na naman tayo sa isa sa pinakamahalagang bahagi ng modyul na ito-ang gawaing pagbasa at paglinang sa pag-unawa sa iyong binasa. Maaari ka ring humingi ng tulong sa iyong magulang o sinuman para magabayan ka sa gawaing ito.

Bago ka magsimula sa pagbasa sagutin mo muna ang kasunod na gawaing Paglinang ng Talasalitaan.

Para sa mas lalong maintindihan ang babasahing diyalogo ay isagawa ang paghawan ng mahihirap na salita sa pamamagitan ng pagpili ng mas angkop na kahulugan ng salita.

1. Pinag-aaralan namin sa Matematika ang tungkol sa ***decimal***.
   a. tumutukoy sa *proper fraction* na may *denominator* na sampu
   b. tuldok na makikita sa mga bilang


2. Ang ***sexual reproduction*** ay ang proseso ng patuloy na pagpaparami ng tanim.
   a. tumutukoy sa pagpaparami ng halaman gamit ang tangkay
   b. tumutukoy sa pagpaparami ng halaman sa pamamagitan ng bulaklak
3. Dahil sa pandemyang ating nararanasan, tayo ay namumuhay sa ***new normal***.
   a. makabagong paraan sa pagtakbo ng pamumuhay
   b. tradisyunal na paraan sa pamumuhay

4. Kailangang maglagay ng ***hand sanitizer*** sa kamay para sa ating proteksyon.
   a. pang-alis ng dumi at *bacteria* sa kamay
   b. para maging mabango ang kamay


5. Ang **Globo** ay replika ng ating mundo.
   a. bilog na parang bola
   b. modelo ng ating mundo

Wow! Mahusay mong nasagot ang gawaing paglinang ng talasalitaan. Ngayon naman, alam kong handa ka na sa pagbasa.

Kaya tara na! Basa tayo! Basahin at unawain ang usapan ng magkaibigang sina Xyla at Zemrie. Habang nagbabasa ka, itala mo sa inyong *notebook* ang mga salitang alam mo na o pamilyar sa iyo at mga salitang bago o hindi pamilyar sa iyo. Kailangan mo itong gawin dahil magagamit mo ang mga maitatalang salita sa kasunod na mga gawain.



Ang magkaibigang Xyla at Zemrie ay nag-uusap tungkol sa kanilang takdang-aralin. Tunghayan natin ang kanilang palitan ng kuro-kuro.




**Maging Ligtas sa COVID-19**

Para maiwasan at maging ligtas sa COVID-19 may *protective measures* na dapat sundin. Ito ay bahagi na ng tinatawag na *new normal.* Dapat itong gawin at sundin bilang proteksiyon sa sarili laban sa mapanganib na *virus* na dulot nito. Narito ang ilan sa mga dapat nating gawin:

1. Kung hindi kailangang lumabas, manatili na lamang sa bahay.
2. Kung kailangang lumabas, umiwas sa matataong lugar. Ugaliin ang pagsuot ng *face mask* at *face shield* at sumunod sa *social distancing.*
3. Panatilihin ang isang metrong layo sa mga taong may *respiratory symptoms* o ubo't sipon.
4. Palaging maghugas ng kamay gamit ang sabon at tubig at gumamit ng *hand sanitizer* at *alcohol.*
5. Gumamit ng tissue o panyo at takpan ang bibig sa tuwing uubo at babahing.
6. Palakasin ang *immune system* at uminom ng *vitamin C.*
7. Isabay sa pag-aalaga sa sarili ang laging manalangin na patuloy na maging malusog, malakas, at ligtas.

Mahusay! Natapos mo rin ang pagbabasa ng usapan at talakayan hinggil sa isang paksa. Ngayon naman ay sagutin mo ang kasunod na mga katanungan.

1. Ano ang paksa ng usapan at artikulong binasa?
2. Paano magiging ligtas laban sa COVID-19 at bakit mahalagang ingatan ang sarili sa saki na ito?
3. Ano ano ang bagong salitang natutuhan mo sa iyong binasa? Itala ito.
4. Ano kaya ang tawag sa mga salitang ito na nakaitaliko?
5. Pansinin ang mga salitang nakaitaliko, paano kaya ito binaybay?



## *Suriin*

Alam ba ninyo na ang ating wikang Filipino ay wikang buhay? Ito ay buhay dahil patuloy itong ginagamit at pinagyayaman.

Ang tawag sa mga bagong salitang dumadagdag sa ating wika, na hindi orihinal o hindi likas sa atin ay mga **salitang hiram**. Sa araling ito, tatalakayin natin ang wastong pagbaybay ng mga salitang pamilyar at di-pamilyar at mga salitang ginagamit sa ibang asignatura.

Naitala mo ang mga salitang hiram mula sa iyong binasa. Ito ay ang sumusunod:

| | | |
|---|---|---|
| *Matematika* | *decimal* | *Agham* |
| *Sexual Reproduction* | *Araling Panlipunan* | *Globo* |
| *COVID-19* | *protective measures* | *new normal* |
| *virus* | *face mask* | *face shield* |
| *social distancing* | *immune system* | *hand sanitizer* |
| *vitamin C* | *respiratory symptoms* | *alcohol* |

Ang tawag sa mga salitang lagi mong ginagamit, naririnig, at natutuhan mo na ay mga **salitang pamilyar.** Ito ay karaniwan na sa araw-araw mong pakikipag-usap, kaya naman nauunawaan mo na ang kahulugan nito at nagagamit mo na sa komunikasyon.

Halimbawa:

*edukasyon, cellphone, gadget, COVID-19, laptop, school*

Samantala, tinawatag naman na **di-pamilyar na salita** ang mga salitang hindi karaniwang ginagamit sa pang araw-araw na pakikipag-usap. Ito ay maaaring mga salitang hindi mo pa nabasa, narinig, o natutuhan.

Gaya ng mga matalinghaga o kaya naman ay mga sinaunang salita ng ating mga ninuno na ginagamit sa mga akdang pampanitikan.

Halimbawa:

*alibugha, piging, kasarinlan, panimdim, tigib*

Ang iba pang salita na maaaring di-pamilyar na salita sa iyo ay mga salitang teknikal at hiram na salita mula sa iba't ibang disiplina na pamilyar lamang sa mga dalubhasa rito, gaya ng mga salitang pang-inhinyero, pang-medisina, pang-*computer analyst* at iba pa.

Halimbawa:

*blueprint, processor, decongestants*

Napansin mo ba kung paano ito binaybay?

Sa pagbaybay ng salitang hiram, ginagamit ang walong dagdag na letrang *C, F, J, Ñ, Q, V, X, Z* sa sumusunod:

a. pangngalang pantangi
   Hal. *Zenaida, Zobel, Vigan, Nueva Vizcaya*
b. salitang teknikal at pang-agham
   Hal. *COVID-19, respiratory symptoms, protective measures, carbon dioxide, zygote, x-axis, zero*
c. sa mga salitang hiram na mahirap ibaybay sa Filipino
   Hal. *cauliflower, jaywalking, taxi, quarantine, pizza*


Kung walang katumbas sa wikang Filipino at mahihiram sa katutubong wika, unang batayan sa pagbaybay ng hiram salita ang wikang Espanyol bago ang wikang Ingles.

Hal. *likido, bagahe, imahen*

Panatilihing orihinal o walang pagbabago ang mga hiram na salita kung–

a. magiging katawa-tawa ito kung ibabaybay sa Filipino;
   Hal. *coke* hindi 'kok'
b. magiging mahirap basahin kaysa sa orihinal nito;
   Hal. *quarantine* hindi 'kuwarantin'
c. masisira ang kabuluhang pangkultura, panrelihiyon, o pampolitika ng pinagmulan;
   Hal. *feng shui* hindi 'peng shuy'
d. tanggap na ng nakararami o popular na ang orihinal na baybay nito; at
   Hal. *face mask* hindi 'maskara sa mukha'
e. lilikha ng kaguluhan ang magiging bagong baybay
   Hal. *social distancing* hindi 'distansiyang panlipunan'

Tandaan, ang pamilyar at di-pamilyar na salita ay mabibigyan mo ng kahulugan sa paggamit ng diksiyonaryo. Mula sa kahulugan nito sa diksiyonaryo maaari mong iugnay pa ito sa iyong karanasan. Maaari mo ring suriin ang pagkakagamit ng salita sa pangungusap o kaya naman ay hanapin ang mga pahiwatig na makatutulong para mas maunawaan mo ang kahulugan nito.




## *Pagyamanin*

Hayan! Maligayang pagbati dahil andito ka na sa bahaging lilinang sa iyong kasanayan. Simulan natin sa pagtukoy ang kahulugan ng sumusunod na pamilyar at di-pamilyar na salita batay sa larawan. Piliin ang sagot sa loob ng panaklong. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel



1. sinalanta




**(inayos, sinira)**

2. walang awa




**(malupit, mabait)**

3. galak



**(tuwa, lungkot)**

4. piging



**(handaan, sayawan)**

5. pamilya



**(kasama, mag-anak)**

6. namangha




**(nahiya, nagulat)**

7. marikit



**(maganda, pangit)**

8. maralita



**(sagana, mahirap)**

9. may karamdaman



**(maysakit, natutulog)**

10. handog



**(regalo, kahon)**

Ngayon naman ay magbabasa ka ng tula. Tukuyin ang limang salita na pamilyar at di-pamilyar para sa iyo. Ibigay ang kahulugan nito sa pamamagitan ng pag-uugnay sa iyong sariling karanasan. Gawin ito sa iyong sagutang-papel.

**Hal.** *habulan* – pamilyar – ito ay paglalaro na



**Habulan Tayo!**

I
Halina't maglaro!
Habulan tayo.
Kahit saan tumungo,
malayang tumakbo.

II
Nasa iyong desisyon
at sa iyong layon
ang paggalaw sa iyong posisyon
tungo sa iba-ibang direksiyon.

III
Takbo pakaliwa, paanan,
paharap, at palikod.
Masayang habulan
dulot man ay pagod.

IV
Maaaring huminto
at muling tumakbo.
Iwasang mataya,
gumalaw nang malaya–
padiretso, pakurba, o pa-zigzag pa.


V
Sa habulan
ang takbuhan–
di laging mabilisan,
katamtaman minsan,
o kaya mabagal kung kailangan.


V
Maglaro tayo
sa mga patag na espasyo.
Gumalaw nang patayo o paupo,
o kaya'y pahilis o paikot,
anoman ang gusto.


*-Sariling katha (mft)*


Sa pagkakataong ito, ibaybay nang wasto ang salitang hiram na tawag sa larawan sa bawat bilang. Isulat ang sagot sa sagutang-papel.

__________1. Madalas akong gumamit ng  sa pagse-*selfie.*

__________2. Bumili ng tatlong  si Melissa para sa kaniyang kaibigan.

__________3. Ito ang siyang itinatamin sa mga halaman gaya ng gumamela. 

__________4. Ang pagong ay  gumalaw.

__________5. Masarap ang timpla ng inihaw na  ni Aling Rosing.

Binabati kita. Natapos mo ang mga pagsasanay sa pagyamanin. Alamin natin sa pahina ng susi sa pagwawasto ang wastong sagot sa gawain.

Batay sa natutunan mo na sa naunang gawain at talakay, alamin sa susunod kung alin ang pahayag na dapat isaisip.



## *Isaisip*

Marami ka ng napagdaanan at natutunan sa bahaging ito ng modyul. Alam kong  kayang kaya mo ng ilahad ang iyong sariling bersiyon ng natutuhan sa aralin. Punan ang patlang ng angkop na mga salita/parirala na bubuo sa diwa o mensaheng nais iparating ng talata.


Sa ating pag-aaral at araw-araw na komunikasyon, marami tayong mga salitang mababasa at maririnig na mga saltang pamilyar at di-pamilyar. (1) Masasabing pamilyar ang isang salita kapag ______________________________ at matutukoy mo naming di-pamilyar ang salita kung ______________________. (2) Mabibigyan mo ng kahulugan ang mga salitang ito sa pamamagitan ng ____________________________________ (3) Madali mong magagawa ang pagpapakahulugan dito kung gagamit ka rin ng ______________________ o kung susuriin mo kung paano ito ginamit sa pangungusap.

Samantala, ang pamilyar at di-pamilyar na salita ay maaaring maging hiram na salita. (4) Ang hiram na salita ay ________________________________. Dapat itong baybayin nang wasto dahil nakasalalay ang tamang pag-unawa sa salitang ito kung nasa tama ang pagbaybay nito.


(5) Mahalagang matutuhan ang kasanayang pagpapakahulugan at wastong pagbabaybay para ______________________________.

## *Isagawa*


Pagbati sa matagumpay mong pagsagot sa kaisipang ibinigay. Sa bahaging ito ay ipapakita mo ang kakayahan mo sa kasanayang ito. Ibigay ang tamang baybay sa Filipino at kahulugan base sa sariling karanasan mula sa mga larawan na nasa ibaba.




1._om_n_k_s_on




2. t_a_s_or_a_y_n



3. p_l_s_o_



4. k_r_ga_a_



5.ma_ _ in_a_ _ an



**Magaling!** Natapos mo, tingnan ang sagot sa pahina ng susi sa pagwawasto.



Maaari mo nang ipagpatuloy ang gawain sa pagtataya.



## *Pagtataya*


Sukatin natin kung natutunan mo ang target natin sa araling ito. Isagawa ang sinabi o hinihinging gawin sa bawat letra sa talahanayan. Gawin ito sa inyong sagutang papel.

| **A.** Lagyan ng tsek (/) kung ang larawan ay pamilyar sa iyo at ekis (X) naman kung hindi. | **B.**Tukuyin ang tawag sa sumusunod na larawan. Isulat ang wastong baybay nito. | **C.**Gamitin sa pangungusap ang tawag sa sumusunod na larawan. | **D.** Ibigay ang kahulugan ng bawat larawan sa pamamagitan ng pag-uugnay sa iyong karanasan at ipinakikita nito. |
|---|---|---|---|
| 1.  | | | |
| 2.  | | | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| 3.  | | | |
|  4. | | | |
|  5. | | | |

**Magaling!** Batid kong alam mo na ang mga hiram na salita at ang baybay ng mga ito. Ipagpatuloy ang pagsagot sa ilan pang karagdagang gawain.





## ***Karagdagang Gawain***

Nasa panghuli ka ng bahagi sa modyul na ito. Ilang tanong na lang ay matatapos mo na ang mga gawain. Kaya, itudo mo na! Ibigay ang kahulugan ng mga salitang pamilyar at di-pamilyar na ginamit sa pangungusap sa pamamagitan ng pag-uugnay nito sa iyong sariling karanasan. Isulat ang sagot sa sagutang-papel.

1. Pinananabikan ng mga bata tuwing sasapit ang Pasko dahil ito ay ang araw ng kapanganakan ni Hesus.

    pinananabikan: ______________________

2. Bumili ng bagong laptop si Aling Nena para sa kaniyang anak.

    *laptop:* ______________________

3. Ipinasok ni Rosa ang kaniyang pera sa kaniyang pitaka.

pitaka*:* ______________________

4. Si Beth at Lita ay magkatoto simula pa ng bata pa sila.

katoto*:* ______________________

5. Pumupunta ng simbahan ang mag-anak na Cruz tuwing Linggo upang magpasalamat sa Diyos.

simbahan*:* ___________________

Ang galing mo! Nasagutan mo lahat ang pagsasanay.

Iwasto mo ang iyong mga sagot. Tingnan sa pahina ng Susi sa Pagwawasto kung tama ang iyong mga sagot.

Anong naramdaman mo matapos malaman ang bunga ng iyong pagsisikap?

☹ ☺ 😐



## *Susi sa Pagwawasto*

**Subukin**

A. / o X depende sa sagot ng bata

B. 1.telebisyon
   2. Calculator
   3. Electric fan
   4. Laptop
   5. headset

C. Pangungusap gamit ang salita

D. Kahulugan ng salita base sa karanasan

**Balikan**

Iba-iba ang maaaring sagot

**Pagyamanin**

1. sinira 6.nagulat
2. malupit 7.maganda
3. tuwa 8.mahirap
4. handaan 9.maysakit
5. mag-anak10.regalo

Iba-iba ang sagot ng mag-aaral.
Guro ang magwawasto
1.cellphone
2.hamburger
3.tangkay
4.mabagal
5.barbeque

**Isaisip**

1.ang salita ay lagging ginagamit,maririnig at natutuhan mo na
hindi karaniwang ginagamit sa pang araw-araw na pakikipag-usap
2.pag-uugnay ng sariling karanasan
3.diksiyonaryo
4.bagong salita na hindi orihinal o hindi likas sa atin
5.maunawaan ang gamit ng salita sa pangungusap

**Tuklasin**

1. a 2. b 3. a 4. a 5. b

1.Tungkol sa takdang-aralin sa iba't ibang asignatura at maging ligtas sa Covid-19.
2. iba-iba ang sagot (posibleng sagot: mapanatili ang buhay at hindi makahawa pa ng iba)
3.Xyla, Zemrie, sexual reproduction, matematika, decimal, COVID-19, protective measures, new normal, virus, face mask, face shield, alcohol, social distancing, immune system, hand sanitizer, vitamin C, respiratory symptoms
4. salitang hiram
5. hindi binago ang baybay (orihinal na baybay)

**Isagawa**

1.komunikasyon
2. transportasyon
3. polusyon
4. karagatan
5. maalinsangan

Iba-iba ang sagot, guro ang magwawasto

**Pagtataya**

1. banderitas
2. natatakot
3. maliwanag
4. mayaman
5. taimtim

(Guro ang magwawasto ng mga kahulugan at pangungusap na ginawa)

**Karagdagang Gawain**

Depende ang sagot ng mga bata, guro ang magwawasto ng ibinigay na kahulugan

## *Sanggunian*

Kautusang Pangkagawaran Blg. 34 s. 2013, *Ortograpiyang Pambansa.*

UP Sentro ng Wikang Filipino, (2010) *UP Diksiyonaryong Filipino* Binagong Edisyon. Diliman, Quezon City.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph